

Paano Laruin Baccarat

Gawin itong masaya.

Alamin kung paano maglaro bago ka magsimula.

Mini-Baccarat

Ang layunin ng Mini-Baccarat ay ang subukan at hulaan kung alin sa dalawang grupo ng mga baraha (manlalaro o bangka) ang magkakaroon ng kabuuang puntos na mas malapit sa 9, na siyang pinakamataas na puntos sa bawat grupo ng baraha.

Ang pinakamataas na puntos sa Mini-Baccarat ay 9 at ang pinakamababa ay 0. Ang mga Diyes, Jack, Queen at King ay katumbas ng zero; ang katumbas ng Alas ay uno; at ang katumbas ng lahat ng ibang mga baraha ay ayon sa numerong nakasulat sa baraha. Sa pagtutuos ng mga baraha, ang huling digit lang ang gagamitin upang alamin ang puntos ng grupo ng mga baraha: halimbawa $1+4=5$, $9+3=2$, $10+3=3$.

Tatlo ang posibleng kalalabasan na maaari mong tayaan bago ipakita ang mga baraha: ang “Player’s hand”, ang “Banker’s hand”, o ang “tie”.

Sa Mini-Baccarat, hindi hahawak o hindi tatanggap ng baraha ang mga manlalaro. Sa halip, ibinabahagi ang mga baraha sa harap ng dealer: dalawa sa “Bangka” at dalawa sa “Manlalaro”. Ang panig na may puntos na pinakamalapit sa 9 ang panalo.

Ang Pangatlong baraha

Batay sa kabuuang indibidwal na puntos ng Baraha ng Manlalaro at ng Bangka, maaaring kumuha ng pangatlong baraha:

- Kung ang unang dalawang baraha ng Manlalaro o ng Bangka ay may total na 8 o 9, hindi makakatanggap ang sinuman sa kanila ng pangatlong baraha.
- Kung ang total ng unang dalawang baraha ng Manlalaro ay 6 o higit pa, hindi makakakuha ng pangatlong baraha ang Manlalaro.
- Kung ang total ng unang dalawang baraha ng Manlalaro ay 0-5, pwedeng kumuha ang Manlalaro ng pangatlong baraha.
- Gagamitin rin ang nasabing patakaran para sa Bangka maliban kung ang total ng mga baraha ng Bangka ay 3, 4, 5 o 6 at kapag kumuha ng pangatlong baraha ang Manlalaro.

Sa kasong ito, gagamitin ang mga sumusunod na patakaran:

Kung ang unang dalawang baraha ng Bangka ay may total na:	Kukuha ang Bangka ng pangatlong baraha kung ang pangatlong baraha ng manlalaro ay:
3	hindi 8
4	2 hanggang 7
5	4 hanggang 7
6	6 o 7
Bayad	
Baraha ng Manlalaro	Patas na bayaran (1 sa 1)
Baraha ng Bangka	Patas na bayaran at tatanggalin ang 5% na komisyon
Patas	Babayaran ng 8 sa 1

EZ Baccarat

Isang uri ng Baccarat. Ang layunin ng laro at kung paano ito laruin ay katulad ng sa Baccarat, subalit sa EZ Baccarat:

- Walang komisyon na tinatanggal sa taya sa Bangka
- Kung ang baraha ng Bangka ay panalong baraha na may 3 baraha na may total na 7, ang baraha ay tinatawag na “Dragon 7”.
- Ang mga nanalo na tumaya sa Dragon-7 ay babayaran ng 40 sa 1.
- Ang mga nanalo na tumaya sa Dragon-7 ng Bangka ay push (tie/ patas)
- Kung ang baraha ng Manlalaro ay panalong baraha na may 3 baraha na may total na 8, ang baraha ay tinatawag na “Panda-8”.
- Ang mga nanalo na tumaya sa Panda-8 ay babayaran ng 25 sa 1.
- Ang mga tumaya sa Panda-8 ng nanalong Manlalaro ay babayaran ng patas na bayad.

Handheld Baccarat

Isang uri ng Baccarat. Ang layunin ng laro at kung paano ito laruin ay katulad ng Baccarat, maliban sa ang mga manlalaro ay pinapayagan na hawakan o pisilin ang mga baraha.

- Ang mga Manlalaro na may pinakamataas na bilang ng tumaya sa “Manlalaro” o “Bangka” bago simulan ang pagbibigay ng baraha, ay bibigyan ng pagkakataon na hipuin o hawakan ang kanilang mga baraha.
- Maaaring “pisilin” ng mga Manlalaro ang baraha pero hindi nila pwedeng “lamukusin” o “punitin” ang mga baraha.
- Ang mga baraha ay lalaruin ayon sa Third Card Rule o patakaran sa pangatlong baraha at sa Paytable o bayaran na inilarawan sa Mini-Baccarat.

Pagsusugal kasama ang GameSense

Ang baccarat ay isang laro ayon sa pagkakataon. Kaya maglaro para magsaya: kung ikaw ay matalo, isipin na lang itong isang gastos para sa libangan.

Para sa karagdagang impormasyon kung paano laruin ang mga table games, magtanong sa Table Game Dealer o bumisita sa GameSense Info Centre sa lugar na ito o sa GameSenseAB.ca.